ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

MGA ESTRATEHIYA AT KASANAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY: BATAYAN NG MGA GAWAING PANGKLASRUM

Julius J. Laguna [1], Fe N. Conui [2]
[1]*Senior High School Teacher, Panghagban High School, Panghagban, Buenavista, Bohol, Philippines*
[2]*Graduate Studies Professor, Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra27168
DOI No: 10.36713/epra27168

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 11 sa Distrito ng Catigbian, Bohol, Taong Aral 2025-2026. Gamit ang descriptive-correlational na disenyo, nakalap ang mga datos sa pamamagitan ng modified na sarbey kwestyuneyr at pagsusuri gamit ang rubrik at istatistikal na pagsusuri tulad weighted mean, arithmetic mean, at Spearman's Rank Correlation. Natuklasan na madalas gamitin ng mga respondente ang mga estratehiya sa pagsulat ng isang sanaysay. Subalit, ang mga estratehiya habang sumusulat ang nakakuha ng pinakamataas na composite mean (2.70), at ang mga estratehiya pagkatapos sumulat ang nakakuha ng pinakamababang composite mean (2.49). Natuklasan din ng pananaliksik na karamihan sa mga respondente ay nakakuha ng napakataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Ipinapakita rin na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, na nangangahulugang ang regular na paggamit nito ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagsulat. Ang mga natuklasan ay nagsisilbing gabay sa pagbuo ng mga gawaing pangklasrum at mga rekomendasyon upang mapalakas pa ang kasanayan sa pagsulat. Ito ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili at mapabuti ang kalidad sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa kontekstong lokal. Sa huli, minabuti ng mananaliksik ang pagdebelop ng mga gawaing pangklasrum sa pagsulat ng sanaysay gamit ang "5K" bilang isang balangkas ng mga gawaing pangklasrum gamit ang mga estratehiya sa pagsulat ng sanaysay.

MGA SUSING SALITA: *Estratehiya sa Pagsulat, Gawaing Pangklasrum, Kasanayan sa Pagsulat, Pagsulat ng Sanaysay*

INTRODUKSYON

Ang Filipino ay isa sa mga pangunahing asignatura na itinuturo sa mga paaralan sa Pilipinas. Ang pagtuturo ng Filipino ay mahalagang bahagi ng edukasyon dahil nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman, pagpapalalim ng pag-unawa, at pagpapahusay ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon sa sariling wika. Mula sa elementarya, ang mga mag-aaral ay unti-unting nahuhubog sa paggamit ng Filipino sa araw-araw na pakikipag-ugnayan. Sa sekondarya, mas pinapahusay pa ang kanilang kakayahan sa mas malalalim na pag-aaral at pagsusulat, kabilang na ang pagbuo ng mga sanaysay, tula, at iba pang uri ng panitikan.

Ayon kina Ada at Fuma (2025), ang pagsusulat ay isang pangunahing bahagi ng pag-aaral ng wika, na nagsisilbing hindi lamang bilang paraan ng pagpapahayag ng sarili kundi pati na rin bilang kasangkapan para sa mas mataas na antas ng pag-iisip tulad ng pangangatwiran, organisasyon, at kritikal na pagsusuri. Ito ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kakayahan sa wika ng mga mag-aaral, kabilang na ang gramatika at bokabularyo. Ito rin ay nagsusulong ng intelektwal na paglago sa pamamagitan ng maayos at may layuning komunikasyon sa pamamagitan ng pagsulat ng isang sanaysay.

Kaugnay nito, ang sanaysay ay isang anyo ng panitikan na naglalaman ng sariling pananaw hinggil sa isang paksa. Ito ay isang makabuluhang kasanayan upang mapaunlad ang kakayahan sa malikhaing pagsulat, kritikal na pag-iisip, at pagpapahayag. Ayon kay Booher (2023), ang kakayahang maipahayag ang sariling pananaw at saloobin sa pamamagitan ng pagsusulat ay isa sa mga pinakamahalagang kasanayan para sa pag-unlad ng kaalaman at maging sa isang karera. Ito rin ay nagiging daan upang mas mapalawak ang pang-unawa at kamalayan ng mga mag-aaral sa mga isyung panlipunan.

Subalit, karamihan sa mga mag-aaral sa Grade 11 sa Distrito ng Catigbian, Bohol ay nagpamalas ng hindi sapat na pagpupursige sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, lalo na sa pagbuo ng organisadong talata, tamang gamit ng salita, at wastong pagpapahayag ng ideya. Kamakailan lang, 85.10% sa kanila ay nakakuha ng mababang iskor sa Filipino sa isinagawang SHS *Literacy Assessment* noong unang linggo ng Marso 2026. Ito ay isang patunay na ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa mga nabasang teksto sa Filipino ay nasa kategoryang *"Frustration."* Maiuugnay ito sa kahalagahan ng *reading comprehension* sa pagsulat ng isang sanaysay sapagkat ito ang nagsisilbing pundasyon ng pagbuo ng ideya, organisasyon ng kaisipan, at lalim ng nilalaman. Ayon kay Warner (2025), kapag mababa ang antas ng *reading comprehension* ng mga mag-aaral, nagiging mas mahirap para sa kanila na makuha ang pangunahing ideya, mga detalye, at mga opinyon sa isang teksto.

Bagamat ang mga naunang pag-aaral nina Peñeda (2021), Aragon & Balallo (2023), at Donaire (2025) ay tumalakay sa mga suliranin sa pagsulat, limitado ang mga ito sa iisang aspeto tulad ng mga problema ng mag-aaral o ang estratehiya ng mga guro. Sa kabilang banda, hindi pa gaanong napag-aaralan ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kabuuang larawan ng kasanayan ng mag mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay, kabilang na ang mga estratehiya at kasanayan na ginagamit upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagsulat. Dahil dito, mahalagang magsagawa ng pananaliksik sa kontekstong lokal upang mas mapalalim ang pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa pagsusulat.

Kaugnay dito, sinuri ng pag-aaral ang mga estratehiya at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Filipino 11 sa mga pampublikong paaralan sa Distrito ng Catigbian, Bohol sa Taong Aral 2025-2026. Layunin din nitong gabayan ang mga guro sa paggamit ng epektibong pamamaraan upang mapalakas at mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Sa huli, ang mga natuklasan ay nagsilbing gabay sa pagbuo ng mga gawaing pangklasrum.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakabatay sa *Cognitive Process Theory of Writing (1981)* nina Linda Flower at John R. Hayes, na nagpapaliwanag na ang pagsulat ay isang masalimuot na prosesong kognitibo na dumaraan sa *planning, translating, at reviewing*. Ipinapakita ng teoryang ito na ang epektibong pagsulat ay nakasalalay sa kakayahan ng manunulat na pamahalaan ang kanyang pag-iisip at gumamit ng angkop na estratehiya sa bawat yugto ng pagsulat. Kaugnay nito, iniugnay rin ng *Schema Theory* nina Frederic Bartlett (1932) at David Rumelhart (1980) ang kahalagahan ng dating kaalaman at karanasan sa pagbuo ng isang organisado at makabuluhang sanaysay. Habang mas napapalawak ang kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral, mas nagiging malinaw at mas malalim ang kanilang pagpapahayag ng ideya.

Kinikilala rin ng *Department of Education* ang kahalagahan ng akademikong pagsulat sa paglinang ng literasi at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa ilalim ng DepEd Order No. 8, s. 2015, binibigyang-diin ang paggamit ng *performance-based assessment* tulad ng *essay writing, reflection papers, at research outputs* bilang paraan ng pagtataya sa pagkatuto. Samantala, pinagtitibay ng *DepEd Order No. 21, s. 2019* ang kahalagahan ng *literacy skills* at akademikong pagsulat bilang pundasyon ng pagkatuto. Gayundin, binibigyang-diin ng *Strengthened Senior High School Curriculum Framework* ang kahalagahan ng komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at akademikong pagsulat bilang mahahalagang kasanayan sa ika-21 siglo.

Sa isang pag-aaral, natuklasan nina Espiritu at Dacaca-Acerit (2024) na ang mga estratehiya bago sumulat, habang sumusulat, at pagkatapos sumulat ay halos palaging nagagamit ng mga mag-aaral, subalit marami pa rin ang may mababang antas ng kakayahan sa pagsulat. Lumabas naman sa pag-aaral nina Asmad et al. (2024) na madalas gamitin ng mga mag-aaral ang *brainstorming* at pagsusulat sa tahimik na lugar upang mapadali ang kanilang pagbuo ng ideya. Natuklasan din nina Teng at Zhan (2023) na ang *self-efficacy at self-regulated writing strategies* ay may positibong epekto sa kakayahan sa akademikong pagsulat. Bukod dito, binigyang-diin nina Villaruz at Palma (2024) ang mahalagang papel ng mga guro sa pagbibigay ng malinaw na instruksyon at *feedback* upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Sa konteksto ng Bohol, pinatunayan nina Ampong at Doria (2025) na ang pagsasagawa ng mga aktibidad tulad ng *brainstorming,* pag-aanalisa, at pagpili ng angkop na paksa bago sumulat ay epektibong paraan sa pagpapahusay ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik ay tuklasin ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 11 mula sa apat na mga pampublikong sekondaryang paaralan sa Distrito ng Catigbian, Bohol, Taong Aral 2025-2026. Ang mga natuklasan ay nagsisilbing gabay sa pagdebelop ng mga gawaing pangklasrum.

Nilayon din nito na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya na ipinamalas ng mga respondente sa pagsulat ng sanaysay batay sa mga sumusunod na proseso:
   1.1. bago sumulat;
   1.2. habang sumusulat; at
   1.3. pagkatapos sumulat?
2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga respondente sa pagsulat ng isang sanaysay batay sa kaalaman at natutunan nila sa pananaliksik, ayon sa pagsusuri sa mga aspektong bokabularyo, organisasyon, at mekaniks at gramatika?
3. Nagkaroon ba ng makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay?
4. Anong gawaing pangklasrum ang maimumungkahi batay sa mga matutuklasan sa pag-aaral?

METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Ginamit sa pag-aaral ang *descriptive-correlational* na disenyo upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Filipino 11.

Ginamit ng pag-aaral ang isang *modified survey questionnaire* na hinango mula sa pag-aaral nina Espiritu at Dacaca-Acerit (2024). Ito ay nakatuon sa dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagsulat ng sanaysay na ipinamalas ng mga kalahok sa tatlong yugto ng proseso ng pagsulat: bago sumulat, habang sumusulat, at pagkatapos sumulat, gamit ang 3-point Likert scale. Ang *modified questionnaire* ay binuo ng labinlimang (15) mga pahayag na naglalaman ng tiglilimang (5) pahayag bawat kategorya.

Samantala, ginamit ang *documentary analysis* upang suriin ang mga sanaysay na isinulat ng mga kalahok batay sa rubrik na sumasaklaw sa bokabularyo, organisasyon ng ideya, at mekaniks at gramatika. Layunin nitong tukuyin ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa aktwal na *outputs* ng kalahok.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa isang beses na sesyon *(one-shot data gathering)*, kung saan ang mga kalahok ay sumulat ng sanaysay at pagkatapos ay sumagot sa sarbey.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang mga sanaysay ay sinuri ng dalawang eksperto upang matiyak ang pagiging obhetibo at kredibilidad ng resulta.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang *weighted mean* upang matukoy ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagsulat ng sanaysay, *arithmetic mean* para sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, at *Spearman's Rank Correlation Coefficient* upang malaman ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Saklaw ng pag-aaral ang pagsusuri sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga Grade 11 sa apat na pampublikong paaralan sa nasabing distrito, gamit ang isang beses na pagsulat at pangangalap ng datos. Limitado ang pag-aaral sa mga kalahok na napili batay sa itinakdang pamantayan, sa paggamit ng dalawang tagawasto, at sa kontekstong pang-edukasyon ng Distrito ng Catigbian, kaya't ang resulta ay maaaring hindi ganap na mailapat sa ibang lugar o populasyon.

DISENYO NG PAGSASAMPOL

Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ang *purposive sampling* sa pamamagitan ng *maximum variation technique*, kung saan napili ang 46 na mag-aaral sa Grade 11 mula sa apat na pampublikong sekondaryang paaralan ng Catigbian, Bohol na nakatugon sa itinakdang pamantayan.

DISENYONG ISTATISTIKAL

Upang matukoy ang kabuuang dalas ng paggamit ng mga estratehiya bago sumulat, habang sumusulat, at pagkatapos sumulat, ginamit ang *Weighted Mean.* Ang bawat tugon ng mga kalahok ay binigyan ng katumbas na numerikal na halaga gamit ang *3-point Likert Scale.* Samantala, upang matukoy ang kabuuang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay, ginamit ang *Arithmetic Mean* batay sa pinagsamang puntos mula sa kanilang nabuong sanaysay. Ang pagsusuri ay nakabatay sa rubrik na sumasaklaw sa bokabularyo, organisasyon, at mekaniks at gramatika. Ang mga puntos ay binigyang-kahulugan gamit ang *5-point proficiency scale.* Upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, ginamit ang *Spearman's Rank Correlation Coefficient.*

SAKLAW NA HEOGRAPIKAL

Isinagawa ang pag-aaral sa apat na pampublikong sekondaryang paaralan na may *Senior High School-General Academic Strand (GAS)* sa Distrito ng Catigbian, Bohol, na kinabibilangan ng Catigbian National High School, Hagbuaya High School, Haguilanan High School, at Mantacida National High School.

MGA RESULTA NG PAG-AARAL

1. Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa mga Sumusunod na Proseso:
   - 1.1. Bago Sumulat. Ang estratehiyang "Isinusulat ko ang lahat ng aking naiisip na ideya bago magsulat" ang pinakamadalas gamitin ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusulat sa lahat ng kanilang naiisip kaugnay sa paksang tinalakay.
   - 1.2. Habang Sumusulat. Ang estratehiyang *"*Nirerebisa ko habang nagsusulat ang mga ideyang inilahad para maging maayos ang organisasyon nito*"* ang pinakamadalas gamitin ng mga kalahok sa pamamagitan ng mausisang pagrerebisa ng kanilang mga ideya habang sumusulat ng isang sanaysay.
   - 1.3. Pagkatapos Sumulat. Ang estratehiyang *"*Binabalikan ko ang aking isinulat upang rebisahin ang nilalaman at mas maging klaro ang mga inilahad na ideya" ang pinakamadalas na ginamit ng mga kalahok dahil kanilang nirerebyu ang mga naisulat na teksto upang rebisahin ang nilalaman nito.
2. Antas ng Kasanayan ng mga Respondente sa Pagbuo ng Sanaysay Batay sa Bokabularyo, Organisasyon, at Mekaniks at Gramatika

   Batay sa pinagsamang resulta ng dalawang tagawasto, dalawampu't dalawa o 48% mula sa kabuuang bilang ng mga respondente ang nakakuha ng 25-32 puntos at napapabilang sa kategoryang *"Proficient".* Samantala, apat o 9% sa mga kalahok ang nakapagtala ng 17–24 puntos na napapabilang sa kategoryang *"Approaching Proficiency".* Sa huli, walang respondente ang nakakuha ng mas mababa sa 17 puntos.
3. Ugnayan sa Pagitan ng Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya at Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay

   Tinanggihan ang null hypothesis (Ho) ng pag-aaral dahil ang nakalkulang p-value na .01 ay mas mababa sa 0.05 lebel ng kabuluhan. Ito ay nagpapahihiwatig na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga kalahok.
4. Gawaing Pangklasrum na Maimumungkahi Batay sa mga Natuklasan sa Pag-aaral

   Minabuti ng mananaliksik na bumuo ng isang awtput na pinamagatang "5k: Isang Balangkas ng mga Gawaing Pangklasrum Gamit ang mga Estratehiya sa Pagsulat ng Sanaysay". Ang mga layunin nito ay ang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Grade 11 sa pagsulat nang malinaw at organisadong sanaysay bago sumulat, habang sumusulat, at pagkatapos sumulat at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng pagsulat ng sanaysay bilang kasanayan na makatutulong sa kanilang akademikong tagumpay.

REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito, inaasahang mas mapapabuti ang kasanayan sa pagsusulat ng sanaysay.

1. Rekomendasyon Para sa mga Mag-aaral

   Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay hango sa pahayag na nakakuha ng pinakamababang *weighted*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

mean sa pagtatasa sa dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagsulat ng sanaysay.

a. Maglaan ng oras at gawain para sa paggawa ng detalyadong balangkas o *outline* bago magsimula sa pagsulat upang masigurong maipagpapatuloy ang maayos na daloy ng ideya, at gumamit ng mga gabay o *template* upang mapadali ang proseso.
b. Palawakin ang kaalaman sa paksa sa pamamagitan ng pagbabasa, pananaliksik, at pag-aaral upang mas mapahusay ang kakayahan at mapabuti ang kalidad ng mga ideya habang nagsusulat.
c. Maglaan ng sapat na oras para sa masusing pagrebyu gamit ang mga pambalarilang aklat at isagawa ang sistematikong pag-e-edit upang matiyak na tama ang gramatika, bantas, at baybay, at maaring sumangguni sa guro upang makatanggap ng *feedback* at mungkahi.

2. Rekomendasyon Para sa mga Guro

Bagamat mataas ang antas ng kasanayan ng mga kalahok, may mga
mag-aaral pa rin na nasa katamtamang kasanayan sa pagbuo ng isang sanaysay. Dahil dito, inirerekomenda ang mga sumusunod:

a. Paggamit ng mga aktibidad tulad ng *word mapping, vocabulary games,* at pag-aaral ng mga salitang may kaugnayan sa paksang tinatalakay.
b. Magsagawa ng mga gawaing pangklasrum sa paggawa ng balangkas, pagsusulat ng burador, at pagbibigay ng tugon sa organisasyon ng mga ideya.
c. Magsagawa ng regular na pagsusulat at pagwawasto gamit ang mga praktikal na aktibidad tulad ng *peer review*, paggamit ng diksyunaryo, at pag-aaral ng mga pangkaraniwang kamalian.

KONKLUSYON

Malinaw na nagsisilbing mahalagang salik ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagsulat upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Ang aktibong paggamit ng mga estratehiya bago, habang, at pagkatapos sumulat ay nagreresulta sa positibong karanasan at mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat. Ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng estratehiya at antas ng kasanayan ay nagpapatunay na ang madalas na paggamit ng mga estratehiya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay naglalaman ng positibong pananaw na ang tamang paggamit at pag-uulit ng mga estratehiya ay susi sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

MGA TALAHANAYAN

Talahanayan 1. Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya Bago Sumulat

MGA PAHAYAG		
1.1 BAGO SUMULAT	**WM**	**Deskripsiyon**
1. Nirerepaso ko ang aking mga isinulat, maging ang mga handouts bago magsimula sa pagsulat.	2.67	Palagi
2. Binibigyang-pansin ko ang gawain at inunawang maigi ang panuto bago magsulat.	2.78	Palagi
3. Isinusulat ko ang lahat ng aking naiisip na ideya bago magsulat.	2.89	Palagi
4. Gumagawa ako ng plano o nagtatala ng mga posibleng ideyang ilalatag para sa nilalaman bago magsulat.	2.65	Palagi
5. Gumagawa ako ng balangkas (outline) ng susulatin kong paksa para sa maayos na pagkasunod sunod nito.	2.26	Madalang
Composite Mean	**2.65**	**Palagi**

Iskala	Numerikal na Halaga	Deskripsiyon
3	**2.35 – 3.00**	**Palagi**
2	**1.68 – 2.34**	**Madalang**
1	**1.00 – 1.67**	**Hindi Kailanman**

Ipinapakita ng Talahanayan 4 ang dalas ng paggamit ng mga respondente sa mga estratehiya bago sumulat batay sa limang tiyak na pahayag. Ipinapakita rin nito ang iba't ibang paraan na ginagamit ng mga mag-aaral upang mapaghandaan ang kanilang pagsusulat at mapabuti ang kanilang *output.*

Ang pahayag na, “Isinusulat ko ang lahat ng aking naiisip na ideya bago magsulat” ang pinakamadalas na estratehiyang ginamit ng mga respondente. Ipinapakita nito na palagi nilang inilalabas ang mga ideya nang walang pag-aalinlangan upang magkaroon ng mas malinaw na gabay sa kanilang pagsusulat. Ang ganitong gawain ay nakatutulong upang mapalawak ang kanilang pag-unawa sa paksa, maiwasan ang kalituhan, at mas mapanatili ang pokus sa pangunahing ideya habang nagbubuo sila ng kanilang sanaysay.

Ayon kay Allevato (2021), ang estratehiyang *"Thinking Out Loud"* ay nagsasaad ng kakayahan para sa mga mag-aaral na suriin ang kanilang sariling pag-iisip at paggawa ng mga paghuhusga batay sa pangangatwiran. Ang pangangatwiran ay nangangailangan na maging aktibo ang mga mag-aaral at maging handang magsiyasat, magtanong, at hamunin ang kanilang sariling mga iniisip at mga palagay. Mahalaga ang paggamit nito bilang isang bahagi ng pagpaplano sa pagsusulat sapagkat nagkakaroon ang mga manunulat ng malinaw na gabay sa kanilang isusulat. Sa pamamagitan ng pagbibitiw ng kanilang mga naiisip nang malakas, nagkakaroon sila ng mas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

malawak na pag-unawa sa kanilang paksa, na tumutulong upang maiwasan ang kalituhan.

Samantala, madalang na ginamit ng mga kalahok ang estratehiyang, "Gumagawa ako ng balangkas *(outline)* ng susulatin kong paksa para sa maayos na pagkasunod-sunod nito" na nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 2.26. Ang datos ay nangangahulugang karamihan sa mga mag-aaral ay hindi aktibong gumagamit ng pagbabalangkas ng mga ideya bago sumulat.

Batay sa mungkahi ni Kelly (2019), maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang tradisyunal na balangkas o *outline* upang matulungan silang ayusin ang kanilang mga iniisip sa isang lohikal na paraan. Magsisimula ang mag-aaral sa pangkalahatang paksa at pagkatapos ay ililista ang kanilang mga ideya kasabay ng mga sumusuportang detalye. Makabubuting ipaliwanag sa mga mag-aaral na mas detalye ang kanilang *outline* mula sa umpisa upang mas magiging madali para sa kanila na maisulat ang kanilang papel.

Samakatuwid, maaaring ang mga mag-aaral ay mas nakatuon sa paggawa ng kanilang mga sulatin nang walang masyadong maingat na paghahanda, kaya't hindi nila napapansin ang benepisyo ng paggawa ng balangkas, gaya ng mas organisadong paglalahad ng mga ideya at mas madaling pagtamo ng mga layunin sa pagsusulat.

Sa kabuuan, ang composite mean na 2.65 ay nagpapakita na ang mga respondente ay palaging gumagamit ng angkop na mga estratehiya bago sumulat. Ito ay nagpapahiwatig ng malakas na pagkaka-disiplina sa proseso ng pagpaplano at paghahanda sa pagsulat ng sanaysay. Kasama rito ang pag-repaso, pag-unawa sa panuto, pagbuo ng ideya, at paglalatag ng balangkas bago isagawa ang aktwal na pagsulat. Ang mataas na antas ng paggamit ng estratehiya bago sumulat ay posibleng nag-aambag sa mas mahusay na organisasyon ng ideya, malinaw na daloy ng nilalaman, at maayos na pagkasunod-sunod ng mga ideya.

Ang mga naunang pahayag ay naaayon sa mga natuklasan sa pag-aaral nina Ampong at Doria (2025). Batay sa resulta, ang pagsasagawa ng mga aktibidad tulad ng *brainstorming,* pag-aanalisa, at pagpili ng angkop na paksa bago sumulat ay mabisang paraan sa pagpapahusay sa kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Grade 12 ng Candijay National High School, Candijay, Bohol. Malinaw na may positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat bago at pagkatapos isagawa ang unang gawain. Ito ay nagpapakita na ang mga ganitong gawain ay nakatutulong upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbuo ng mas mahusay na mga sulatin.

Talahanayan 2. Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya Habang Sumusulat

1.2 HABANG SUMUSULAT	WM	Deskripsiyon
1. Nagsusulat ako sa komportable't tahimik na lugar upang makapagpokus.	2.65	Palagi
2. Ginagamit ko ang aking dating kaalaman upang matulungan akong mapabuti ang aking mga ideya.	2.30	Madalang
3. Nirerebisa ko habang nagsusulat ang mga ideyang inilahad para maging epektibo ang nilalaman.	2.85	Palagi
4. Nirerebisa ko habang nagsusulat ang mga ideyang inilahad para maging maayos ang organisasyon nito.	2.93	Palagi
5. Habang nagsusulat, binabago o ginagawa kong mas klaro ang mga ideyang inilatag.	2.74	Palagi
Composite Mean	**2.70**	**Palagi**

Iskala	Numerikal na Halaga	Deskripsiyon
3	**2.35 – 3.00**	**Palagi**
2	**1.68 – 2.34**	**Madalang**
1	**1.00 – 1.67**	**Hindi Kailanman**

Batay sa resulta ng sarbey, ang estratehiyang "Nirerebisa ko habang nagsusulat ang mga ideyang inilahad para maging maayos ang organisasyon nito" ang nakakuha ng pinakamataas na *weighted mean* na 2.93. Ito ay nagpapahiwatig na palaging binibigyan ng pansin ang kaayusan ng nilalaman habang sumusulat. Sa kontekstong ito, mahalaga ang pag-uulit at pagwawasto ng mga ideya habang nagsusulat upang masigurong malinaw, maayos, at organisado ang kabuuang nilalaman ng sanaysay o talata. Ang ganitong estratehiya ay nakatutulong upang maiwasan ang pagkalito at mapanatili ang malinaw na daloy ng mga ideya mula simula hanggang katapusan. Bukod dito, pinapadali nito ang proseso ng pagrerebisa sa huli, dahil naitatama na ang mga mali at naiayos na ang mga bahagi habang nagsusulat.

Ibinahagi ng mga manunulat ng *Touro University* (2025) ang kahalagahan sa pagsasaalang-alang sa mga mahahalagang katangian at kalidad sa isang paksa habang sumusulat. Kabilang dito ang pokus, pag-unlad, pagkakaisa, koherensya, at wastong gamit ng wika. Ang mga katangiang ito ay napakahalaga upang maiangat ang kalidad ng isang sanaysay, partikular ang pagkakaroon ng malinaw na direksyon, masistemang pagpapaliwanag, organisado ang mga nilalaman, at pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa pamamagitan ng pagrerebisa ng mga ito habang sumusulat.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Samantala, ang estratehiyang "Ginagamit ko ang aking dating kaalaman upang matulungan akong mapabuti ang aking mga ideya ang nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 2.30. Batay sa nakuhang datos, hindi gaanong karaniwan ang paggamit ng estratehiyang ito sa proseso ng pagsusulat ng mga respondente. Ito rin ay nangangahulugang mas pinipili nila ang mga bagong impormasyon, kaalaman, o iba pang paraan kaysa gumamit sa dating kaalaman upang mapabuti ang kanilang mga ideya.

Sa pagtuklas at pag-unawa sa isang paksa, mahalaga ang aktibidad ng *prior knowledge activation* upang mabuksan ang isipan ng mga mag-aaral sa mga ideya at impormasyon na kanilang taglay na. Binanggit ni Tang (2024) na ang pagpapaaktibo ng nakaraang mga kaalaman ay tumutulong sa isang indibidwal upang matuto sa loob ng *zone of proximal development (ZPD)*. Ang konsepto ng ZPD na binuo ni Vygotsky (1978) ay nagsasabi na maaaring matuto ang isang tao sa loob ng nasabing *zone*. Naiuugnay ang bagong kaalaman sa mga umiiral nang kaalaman sa tulong ng mga mas may alam o mas nakakaalam, tulad ng isang guro, isang kaklase, o kahit impormasyon mula sa nabasang mga aklat.

Sa kabuuan, ang composite mean na 2.70 ay nagpapahiwatig na ang mga respondente ay nagpamalas ng mausisang pagrerebisa ng kanilang mga ideya habang sumusulat. Sa karagdagan, ang datos ay nagpapakita na ang mga mga mag-aaral ay may malakas na paniniwala sa kahalagahan ng pagsusulat, partikular sa pagtutok sa organisasyon ng kanilang mga ideya. Ito ay nagsisilbing patunay na nauunawaan nila ang papel ng maayos na estruktura sa epektibong pagpapahayag ng kanilang saloobin.

Kaugnay dito, inilahad ni Aminovna (2022) na mahalaga ang maayos na pagkakabuo at pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya sa pagsusulat. Samakatuwid, ang *cohesion* ay mahalaga tungo sa isang malinaw na pagpapahayag ng kabuuang mensahe upang higit na maiintindihan ng mga mambabasa.

Talahanayan 3. Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya Pagkatapos Sumulat

1.3 PAGKATAPOS SUMULAT	**WM**	**Deskripsiyon**
1. Binabalikan ko ang aking isinulat upang rebisahin ang nilalaman at mas maging klaro ang mga inilahad na ideya.	2.72	Palagi
2. Binabalikan ko ang aking isinulat upang marebisa at mapahusay ang organisasyon o ugnayan ng mga ideya.	2.59	Palagi
3. Binabalikan ko ang aking isinulat upang suriin kung wasto ba ang gramatika, talasalitaan, bantas, at baybay ng mga salita.	2.65	Palagi
4. Gumagamit ako ng diksyunaryo pagkatapos maisulat ang burador (draft).	2.28	Madalang
5. Gumagamit ako ng librong pambalarila (panggramatika).	2.20	Madalang
Composite Mean	**2.49**	**Palagi**

Iskala	**Numerikal na Halaga**	**Deskripsiyon**
3	**2.35 – 3.00**	**Palagi**
2	**1.68 – 2.34**	**Madalang**
1	**1.00 – 1.67**	**Hindi Kailanman**

Batay sa mga nakalap na datos, ang estratehiyang "Binabalikan ko ang aking isinulat upang rebisahin ang nilalaman at mas maging klaro ang mga inilahad na ideya" ang nakakuha ng pinakamataas na *weighted mean* na 2.72. Ito ay naglalahad na karamihan sa mga respondente ay palaging nagsusuri at nagpapalinaw ng mga ideya pagkatapos maisulat ang isang burador. Ito rin ay nagpapakita na ang proseso ng pagbabalik-tanaw sa sariling gawa ay isang epektibong hakbang upang mapabuti ang kalidad ng kanilang mga ideya at maipahayag ito nang mas malinaw at organisado.

Ayon kay Richardson (2024), ang mga aksyon at estratehiya na ginagamit ng mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang pagsusulat ay may direktang ugnayan sa pagtatakda ng mga layunin at mga gawaing pangklasrum tulad ng pagbuo ng balangkas, pagsulat ng paunang burador, at pagrerebyu ng mga naisulat. Sa kontekstong praktikal, ang ganitong gawain ay nakatutulong upang mapalalim ang kanilang pag-unawa at maiwasan ang mga kamalian sa pagsusulat. Higit pa rito, ang pag-uulit ng proseso ng mausisang rebisyon ay sumasalamin sa isang aktibong pagkatuto at pagpapabuti sa kakayahan sa komunikasyon gamit ang wikang Filipino.

Samantala, ang estratehiyang "Gumagamit ako ng librong pambalarila (panggramatika) ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 2.20. Ang datos ay nagpapahiwatig na ang estratehiyang nabanggit ay hindi ang pangunahing pinagbabatayan ng mga mag-aaral sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa gramátika.

Sa kabilang dako, mariing sinabi ni Hammond (2026) na ang kamalayan sa gramatika ay lumalago mula sa pagmamahal sa pagbabasa kapag nais ng mag-aaral na maunawaan at gayahin kung paano sumulat ang isang manunulat, madalas sa wastong paggamit ng gramatika. Kaugnay dito, inilahad nina Villaruz & Palma (2024) na may mahalagang tungkulin ang mga guro sa pagtulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na instruksyon tungkol sa mga pamantayan at paraan ng pagsusulat. Ang pagtutulungan ng mga guro at mga mag-aaral ay nakatutulong sa pag-angat sa kasanayan sa akademikong pagsusulat gaya ng pagsulat ng isang sanaysay gamit ang wikang Filipino.

Ang composite mean na 2.49 ay nagpapahiwatig na ang mga respondente ay nagpamalas ng mataas na antas ng disiplina sa pagsusulat at pagsusuri ng kanilang gawa. Ito rin ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nagpapahiwatig ng pagiging masigasig at seryoso sa paggawa ng maayos na sulatin upang masigurong malinaw, organisado, at tama ang nilalaman. pagiging masigasig at seryoso sa paggawa ng maayos na sulatin.

Ang resulta ay naayon sa konsepto nina Teng & Zhan (2023) na nagsasaad na ang *self-efficacy* at paggamit *ng self-regulated writing strategies* ay nakakatulong sa akademikong pagsulat. Ipinapakita rin nito na ang pagkakaroon ng mataas na kumpiyansa sa sarili at ang masigasig na paggamit ng mga estratehiya ay nakapagpapabuti ng kakayahan sa pagsusulat.

Batay sa pinagsama-samang datos, ang mga estratehiya habang sumusulat ay nakakuha ng pinakamataas na *weighted mean* na 2.70 at may deskripsiyon na "Palagi." Ito ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pag-unawa, pagtanggap, o kasiyahan ng mga respondente sa kanilang ginagawa o sa kanilang mga gawain habang nagsusulat.

Samantala, ang mga estratehiya pagkatapos sumulat ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 2.49, at may parehong deskripsiyon. Ang datos ay nagpapahiwatig na maaaring nakaranas ang mga mag-aaral ng pagod, kawalan ng interes, o pagkalito sa proseso ng pagsusulat. Maaaring ang kanilang paunang positibong damdamin ay bumaba habang sila ay nagsusulat, na nagresulta sa mas mababang kalidad sa *output* ng mga mag-aaral.

Ang *overall composite mean* na 2.61 ay nagsisilbing kabuuang pagsusuri na nagpapakita na ang karamihan sa mga respondente ay nagpamalas ng mataas na antas ng pagkilala sa kahalagahan ng mga estratehiya sa pagsulat ng sanaysay. Ipinapakita rin nito ang mga positibong karanasan at tugon ng mga respondente bago sumulat, habang sumusulat, at pagkatapos sumulat. Subalit, ang paggamit ng librong pambalarila ay hindi gaanong nabigyan ng pansin ng mga mag-aaral sa mga kadahilanang tulad ng kakulangan sa aklat panggramatika o kaya'y walang sapat na oras upang gamitin ito.

Ang nailathalang mga datos ay tumutugma sa pahayag nina Culla-ag et al. (2025) na nagsasaad sa kahalagahan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagsusulat gamit ang wikang Filipino, dahil ito ay nagsisilbing daan upang maipahayag nang mas malinaw ang kanilang mga saloobin. Subalit, higit na mapapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mas malawak na paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagsusulat ng sanaysay.

Talahanayan 4. Antas ng Kasanayan ng mga Respondente sa Pagbuo ng Sanaysay Batay sa Bokabularyo, Organisasyon, at Mekaniks at Gramatika
n=46

Iskala (Puntos)	Antas ng Kasanayan	Tagawasto 1		Tagawasto 2		Kabuuan	
		F	%	f	%	f	%
33 – 40	*Advanced*	23	50%	14	30.4%	20	43%
25 – 32	*Proficient*	20	43%	24	52.2%	22	48%
17 - 24	*Approaching Proficiency*	3	7%	8	17.4%	4	9%
9 -16	*Developing*	-	-	-	-	-	-
1 - 8	*Beginning*	-	-	-	-	-	-
Kabuuan		**46**	**100%**	**46**	**100%**	**46**	**100%**

Ipinapakita sa talahanayan ang antas ng kasanayan ng mga respondente sa pagsulat ng sanaysay batay sa kanilang kaalaman at natutunan hinggil sa pananaliksik. Batay sa pinagsamang resulta ng dalawang tagawasto, dalawampu't dalawa o 48% mula sa kabuuang bilang ng mga respondente ang nakakuha ng 25-32 puntos at napapabilang sa kategoryang *"Proficient"*. Samantala, apat o 9% sa mga kalahok ang nakapagtala ng 17–24 puntos na napapabilang sa kategoryang *"Approaching Proficiency"*. Sa huli, walang respondente ang nakakuha ng mas mababa sa 17 puntos. Gayunpaman, ito rin ay nangangahulugan na may mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta at pagsasanay upang mapabuti pa ang kanilang pagsusulat.

Sa pangkalahatan, karamihan sa mga respondente ay nagpamalas ng mataas hanggang napakataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Kalakip rito ang wastong paggamit ng bokabularyo, maayos na organisasyon ng mga ideya, at wastong mekaniks at gramatika. Ipinapakita rin nito ang taglay na kabuluhan ng kanilang mga natutunan sa pananaliksik, lalong lalo na sa pagsusulat ng sanaysay.

Batay sa pinagsamang resulta, lumabas sa pag-aaral na dalawampu o 43% sa mga kalahok ang nakakuha ng 33 hanggag 40 puntos at napapabilang sa kategoryang *"Advanced"* o napakataas na antas ng kasanayan.

Talahanayan 5. Ugnayan sa Pagitan ng Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya at Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay

Mga Baryabol	df	r-value	p-value	Desisyon	Interpretasyon
Dalas ng Paggamit ng mga Estratehiya at Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay	44	0.34	0.01	Tanggihan ang Ho	Makabuhulan at Katamtamang Positibong Ugnayan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa istatistikal na pagsusuri, ang nakalkulang r-value na 0.34 ay nagpapahiwatig ng katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ibig sabihin, habang mas madalas na ginagamit ng mga respondente ang iba't ibang estratehiya sa pagsulat, mas napapahusay ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Makikita rin sa talahanayan na ang nakalkulang p-value na 0.01 ay mas mababa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05. Dahil dito, tinanggihan ang *null hypothesis (Ho)* ng pag-aaral. Ipinahihiwatig din nito na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng mga estratehiya at antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga kalahok.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang paggamit ng mga estratehiya sa pagsulat ay may mahalagang papel sa paglinang ng kasanayan sa pagsusulat. Bagama't katamtaman lamang ang antas ng ugnayan, malinaw na ang mas madalas na paggamit sa angkop na estratehiya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa organisasyon ng mga ideya, wastong paggamit ng bokabularyo, at tamang mekaniks at gramatika.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay may malalim na ugnayan sa pananaliksik nina Aycardo & Revellame (2024) dahil parehong pinapakita nito na ang paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa kasanayan ng mga mag-aaral, partikular na sa larangan ng akademikong pagsulat. Sa kanilang pag-aaral, natuklasan ng mga pananaliksik ang paggamit ng lokalisadong *I-Books* ay epektibong paraan upang mapahusay ang pagkatuto sa Filipino at makapag-ambag sa paglinang ng kasanayan sa pagsusulat gamit ang wikang Filipino.

Sa parehong pag-aaral, makikita ang ugnayan sa pagitan ng mausisang estratehiya sa pagtuturo at pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ang kanilang pananaliksik ay nagsisilbing patunay na ang tamang pagpili at paggamit ng mga estratehiya, gaya ng paggamit ng *I-Books* na nakatuon sa lokal na konteksto, ay nakatutulong sa pagpapabuti at pagwawasto ng organisasyon ng ideya, bokabularyo, at mekaniks sa pagsulat. Bukod dito, parehong ipinapakita na ang masusi at maingat na paggamit ng mga estratehiya ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral.

AWTPUT:

5K: ISANG BALANGKAS NG MGA GAWAING PANGKLASRUM GAMIT ANG MGA ESTRATEHIYA SA PAGSULAT NG SANAYSAY

KOMPONENT (5K)	MGA PROSESO SA PAGSULAT NG SANAYSAY	MGA ESTRATEHIYA SA PAGSULAT NG SANAYSAY	MGA KASANAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY	MGA GAWAING PANGKLASRUM
Kaisipan	Bago Sumulat	Gumagawa ako ng balangkas (outline) ng susulatin kong paksa para sa maayos na pagkasunod-sunod nito.	Kasanayan sa Pag-oorganisa ng Ideya	**Ayusin Mo Ako! *(Sequencing Activity).*** Magbibigay ang guro ng mga magkakahalong ideya tungkol sa isang paksa. I-aayos ng mga mag-aaral ang mga ideya mula sa panimula, katawan, hanggang wakas. At ilalahad nila ang kanilang nabuong pagkakasunod-sunod sa klase.
			Kasanayan sa Pagbuo ng Ideya	**Balangkas Ko, Buo Ko! (*Outline Making).*** Pumili ng paksa ang mga mag-aaral. Gumawa sila ng balangkas na may: Panimula, Katawan (3 pangunahing ideya) at Wakas. Ipa-peer check ang kanilang balangkas gamit ang rubrik.
			Kasanayan sa Pagpapalawak ng Ideya	**Palawakin Mo! *(Outline Expansion).*** Ipapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang ginawang outline sa pamamagitan ng paglalagay ng detalye, halimbawa, o paliwanag sa bawat punto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Kakanyahan	Bago Sumulat	Gumagawa ako ng balangkas (outline) ng susulatin kong paksa para sa maayos na pagkasunod-sunod nito.	Kasanayan sa Pagpili ng Angkop na Estilo ng Pagsulat Kasanayan sa Pagpapanatili ng Konsistent na Tono Kasanayan sa Masining at Angkop na Pagpili ng Salita	**Piliin Mo ang Estilo!** ***(Style Selection through Outline).*** Magbibigay ang guro ng isang paksa. Bago gumawa ng balangkas, pipili ang mga mag-aaral ng angkop na estilo ng pagsulat. Isasama nila sa kanilang balangkas ang mga salitang angkop sa napiling estilo. **Balangkas na May Tono** ***(Tone-Based Outline Making).*** Bubuo ang mga mag-aaral ng balangkas (panimula, katawan, wakas). Sa bawat bahagi, maglalagay sila ng mga pariralang nagpapakita ng iisang tono (hal. pormal o mapanghikayat). **Salita Ko, Ayos Ko!** ***(Word Choice Planning in Outline).*** Sa kanilang balangkas, pipili ang mga mag-aaral ng angkop at masining na salita o parirala para sa bawat bahagi. Titiyakin na ang mga salitang ito ay naaayon sa layunin at estilo ng sanaysay.
Kalinawan	Habang Sumusulat	Ginagamit ko ang aking dating kaalaman upang matulungan akong mapabuti ang aking mga ideya.	Kasanayan sa Pagpapalinaw ng Ideya sa Pamamagitan ng Pag-uugnay ng Dating Kaalaman	**Iugnay Mo!** ***(Applying Prior Knowledge While Writing).*** Habang sumusulat ng sanaysay, hihikayatin ang mga mag-aaral na iugnay ang kanilang dating kaalaman sa paksang tinatalakay. Maglalagay sila ng mga paliwanag o halimbawa na nagmumula sa kanilang sariling kaalaman upang luminaw ang ideya.
	Pagkatapos Sumulat	Gumamit ako ng librong pambalarila (panggramatika)	Kasanayan sa Wastong Paggamit ng Gramatika para sa Malinaw na Pagpapahayag Kasanayan sa Pagpapahusay ng Kalinawan ng Sanaysay sa Pamamagitan ng Rebisyon	**Suriin ang Iyong Pangungusap** ***(Grammar Check Using Reference).*** Pagkatapos maisulat ang unang burador, rerepasuhin ng mga mag-aaral ang kanilang sanaysay gamit ang librong pambalarila. Itatama nila ang mga kamalian sa gramatika, baybay, at wastong gamit ng salita. **Linawin Mo Pa!** ***(Revision for Clarity).*** Pagkatapos ng *grammar check*, rerebisahin ng mga mag-aaral ang kanilang sanaysay upang gawing mas malinaw ang mga ideya. Aayusin ang mga pangungusap na malabo, paulit-ulit, o hindi organisado.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Kaayusan	Habang Sumusulat	Ginagamit ko ang aking dating kaalaman upang matulungan akong mapabuti ang aking mga ideya.	Kasanayan sa Maayos na Pagkakasunod-sunod ng mga Ideya	**Iugnay at Ayusin!** ***(Organizing Ideas Using Prior Knowledge).*** Habang sumusulat, gagamit ang mga mag-aaral ng kanilang dating kaalaman upang maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa sanaysay. Titiyakin na ang bawat talata ay may malinaw na ugnayan at lohikal na daloy mula simula hanggang wakas.
	Pagkatapos Sumulat	Gumamit ako ng librong pambalarila (panggramatika)	Kasanayan sa Pagbuo ng Organisadong Talata Kasanayan sa Pagpapanatili ng Kohirensiya at Kaayusan ng Sanaysay	**Ayusin ang Talata** ***(Paragraph Organization Check).*** Pagkatapos ng unang burador, rerepasuhin ng mga mag-aaral ang bawat talata gamit ang librong pambalarila bilang gabay sa wastong estruktura ng pangungusap. Aayusin nila ang simula, gitna, at wakas ng bawat talata upang maging organisado ang kabuuan. **Rebisa para sa Kaayusan** ***(Revising for Coherence).*** Sa huling yugto, rerebisahin ng mga mag-aaral ang kanilang sanaysay upang tiyakin ang maayos na daloy ng ideya sa buong teksto. Magdaragdag o magtatanggal ng pangungusap kung kinakailangan upang mapanatili ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya.
Katumpakan	Habang Sumusulat	Ginagamit ko ang aking dating kaalaman upang matulungan akong mapabuti ang aking mga ideya.	Kasanayan sa Wastong Pagbuo ng Pangungusap	**Tumpak Ko, Sigurado Ko!** ***(Accuracy Check While Writing).*** Habang sumusulat, gagamit ang mga mag-aaral ng kanilang dating kaalaman sa wastong gramatika at baybay upang makabuo ng tumpak na pangungusap. Babasahin muli ang bawat pangungusap bago magpatuloy upang maiwasan ang pagkakamali.
	Pagkatapos Sumulat	Gumamit ako ng librong pambalarila (panggramatika)	Kasanayan sa Pagkilala at Pagwawasto ng Kamalian sa Wika Kasanayan sa Pag-edit para sa Katumpakan ng Sulatin	**Hanapin at Itama!** ***(Error Detection Using Grammar Book).*** Pagkatapos ng unang burador, rerepasuhin ng mga mag-aaral ang kanilang sanaysay gamit ang librong pambalarila. Hahanapin at itatama ang mga mali sa gramatika, baybay, bantas, at gamit ng salita. **Rebisa para sa Katumpakan** ***(Final Editing Task).*** Sa huling yugto, muling babasahin ng mga mag-aaral ang kanilang sanaysay upang tiyakin ang kabuuang katumpakan. Sisiguraduhin na tama ang estruktura, baybay, at gamit ng mga salita sa buong teksto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

REPERENSES

1. *Ada, H. C. & Funa, A. A. (2025). "Struggling for coherence: Analyzing essay writing difficulties among Filipino junior high school students," Journal of Research in Education and Pedagogy, Vol. 2, Issue 4. DOI: 10.70232/jrep. v2i4.83*
2. *Allevato,E.(2021)."Using thinking aloud strategies to create equity indistance learning,"*
3. *https://www.academicimpressions.com/using-thinking-aloud-strategies-to-create-equity-in-distance-learning/*
4. *Amarga, L. V. & Quirap, E. A. (2024). "Challenges and attitude in academic writing: Basis for an intervention plan," International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis, 7(6), 2511-2526. https://doi.org/10.47191/ijmra/v7-i06-14*
5. *Ampong, C. M. & Doria, E. S. (2025). "Pre-writing Activities: Its Influence to the Motivation*
6. *and Writing Skills," International Journal of Research Publications (IJRP.ORG), 168(1), 144-153, https://doi.org/10.47119/10.47119*
7. *Aragon, J. M. L. & Balallo, C. L. (2023). "Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ngsanaysay sa wikang Filipino," American Research Journal of Humanities & Social Science (ARJHSS), Vol. 06, Issue 10, https://www.arjhss.com/wp-content/uploads/2023/10/D6105761.pdf*
8. *Arellano Law Foundation (1991). "Republic Act No. 7104," https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1991/ra_7104_1991.html*
9. *Argote, S. (2025). "Bago sumulat," https://www.scribd.com/document/473486518/*
10. *Asmad, L., Maung, Q., Toto, S., & Saavedra, A. D. (2024). "Mga estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao," American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8(2), 202-214. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.31461.41448*
11. *Asmad, L. H., Maung, Q. D., Casimiro, A. B. et al. (2024). "Writing in Filipino: The most used strategies of the bachelor of secondary education in Western Mindanao State University," American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8(6), 140-148. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/06/M24806140148.pdf*
12. *Aycardo, S. M. & Revellame, K. T. (2024). "I-books: Lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral," American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8(6), 35-47. https://www.researchgate.net/publication/381163812*
13. *Balallo, C. L. & Aragon, J. M. (2023). "Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino," American Research Journal of Humanities & Social Science (ARJHSS), 6(10), 57-61. https://www.researchgate.net/publication/375232727_*
14. *Booher, D. (2023). "What's the point of writing essays?" https://continuing.mcmaster.ca/whats-the-point-of-writing-essays/*
15. *Britannica (2025). "Grammar," https://www.britannica.com/topic/syntax*
16. *Brodowicz, M. (2024). "The importance of reviews in enhancing the quality of academic Writing," https://aithor.com/essay-examples/the-importance-of-reviews-in-enhancing-the-quality-of-academic-writing*
17. *Cabahug, M. C. C., Ocampos, L. M. S., Toatumban, J. L., & Centino, L. B. (2025). "Karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino," International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR), Vol. 7, Issue 3. https://www.ijfmr.com/papers/2025/3/44978.pdf*
18. *Commission on the Filipino Language (2012). "The Commission on the Filipino Language (CFL) undertakes, coordinates, and promotes researches for the development, propagation, and preservation of Filipino and other Philippine languages," https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/OPCCB/OPIF2012/OEO/CFL.pdf*
19. *Culla-ag, J. C., Cosente, G. T., Chadya-as, B. P. et al. (2025). "Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita," Cognizance Journal of Multidisciplinary, 5(1), 178-196. https://doi.org/10.47760/cognizance. 2025.v05i01.015*
20. *Deane, P. (2022). The importance of assessing student writing and improving writing instruction. https://www.ets.org/research/policy_ research_reports/publications/publication/2022/kelb.html*
21. *Department of Education. (2015). "Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program (DepEd Order No. 8, s. 2015)," https://www.deped.gov.ph/2015/04/01/do-8-s-2015-policy-guidelines-on-classroom-assessment-for-the-k-to-12-basic-education-program/*
22. *Department of Education. (2019). "Policy guidelines on the K to 12 basiceducation program (DepEd Order No. 21, s. 2019)," https://www.deped.gov.ph/2019/08/22/do-021-s-2019-policy-guidelines-on-the-k-to-12-basic-education-program/*
23. *Department of Education. (2025). "Strengthened Senior High School Curriculum Framework," https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/SSHS-SHAPING-PAPER-BCD-a_o-May-22.pdf*
24. *Donaire, A. M. S. (2025). "Isang pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino- A case study,"EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), Vol. 11, Issue 1 DOI: https://doi.org/10.36713/epra19739*
25. *Espiritu, J. B. & Dacaca-Acerit, M. (2024). "Estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa pagbuo ng mga estratehiya ng pagtuturo ng akademikong pagsulat," International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 9(7), 7451-7461. https://www.imjst.org/wpcontent/uploads/2024/08/IMJSTP29121051.pdf*
26. *EssayService.com (2025). "10 tips students should know before writing their firstessay.," https://essayservice.com/blog/tips-before-writing-first-essay*
27. *Evgeniou, A. (2023). "How to improve your academic writing skills,"https://www.unicaf.org/how-to-improve-your-academic-writing-skills/*
28. *Fayloga, M. N. M. & Guzman, R. B. (2025). "Kasanayan at karanasan sa pagsulatng mga mag-aaral sa Senior High School," EPRA International Journal of Research & Development, 10(5), 590-602. https://doi.org/10.36713/epra21363*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

29. *Flower, L., & Hayes, J. R. (1981). "A cognitive process theory of writing," College Composition and Communication, 32(4), 365–387. https://doi.org/10.2307/356600*
30. *Gabuyo, S. J. B. (2025). "Paglalakbay ng kuwento: karanasan sa pagsasanay ngakademikong pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School," Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(2), 705-772. https://doi.org/10.5281/zenodo.14948442*
31. *Gerra, N. (2019). "Kahalagahan ng akademikong pagsulat," https://prezi.com/p/e-mxtpiydvaw/kahalagahan-ng-akademikong-pagsulat/*
32. *Gessel, D. (2024). "22 tips on how to improve essay writing to write like a literary genius,"https://myjotbot.com/blog/how-to-improve-essay-writing*
33. *Gloria, A. R. (2021). "Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemia," https://www.researchgate.net/publication/353443547_*
34. *Gonzaga, J. (2024). "Aralin 1: Ang kahalagahan ng pagsusulat at ang akademikong pagsulat," https://www.studocu.com/ph/document/west visayas-state-university/beed-filipino/aralin-1-filipino/100033626*
35. *Gonzales, G. C. (2019). "Pagsusuri sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa baitang 7 tungo sa pagpapaunlad ng pagtuturo sa intelekwalisadong pagsulat," https://rpo.ua.edu.ph/wp content/uploads/2023/10/7.-Summit-2019-Pagsusuri-sa-Gawaing-231.pdf*
36. *Hammond, K. (2026). "Teaching grammar in the 21st century classroom,"https://cpet.tc.columbia.edu/news-press/teaching-grammar-in-the-21st-century-classroom*
37. *Indeed, Editorial Team (2025). "Academic writing skills (With definition and examples)," https://uk.indeed.com/career-advice/career-development/academic-writing-skills*
38. *Jasareno, J. (2025). "Filipino bilang asignatura," https://www.scribd.com/doc/840540825/Filipino-bilang-Asignatura*
39. *Kelly, M. (2019). "The prewriting stage of the writing process,"https://www.thoughtco.com/prewriting-stage-of-the-writing-process-8492*
40. *Lacson, J. (2021). "Kahalagahan ng asignaturang Filipino sa pagkatuto ng mga Estudyante," https://www.pressreader.com/philippines/panay-news/*
41. *Lausa, M. R., Leopoldo, D. R. S., & Dabalos, L. J. C. (2024). "Mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Senior High School," THE American Journal of Humanities and Social Sciences Research (THE AJHSSR), 7(2), 63-78. https://doi.org/10.56805/ajhssr*
42. *Lima, A. S. (2024). "Academic writing skills – their importance, and how theycan be improved," https://www.eur.nl/en/educational-innovation/news/academic-writing-skills-their-importance-and-how-they-can-be-improved*
43. *Maligalig, A. L. & Carada, Imelda, G. (2021). "Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay," American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5(9), 39-47. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/09/E21593947.pdf*
44. *Marmita, K. J., Saclay, R., Caimoy, M., Maga, A. A., Nacionales, J., & Claridad, N. (2023). "The outlining techniques in academic writing of freshmen accountancy students in Philippine higher education institution," Journal of Language and Pragmatics Studies, 2(2), 161-172. https://doi.org/10.58881/jlps.v2i2.26*
45. *Meneses, A. M. M., Baad, C., Cola, A. J. Q. et al. (2023). "Philippine policies in native language learning and literacy among high school students," Asian Journal of Education and Social Studies, 48(4), 121-128. https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v48i41091*
46. *National University (2025). "Academic writing," https://resources.nu.edu/c.php?g=1069139&p=7996581*
47. *Nordquist, R. (2025). "The mechanics of writing composition,"https://www.thoughtco.com/mechanics-composition-term-1691304*
48. *Olarte, J. A., Rivera, M. M., Dabalos, L. J. C. et al. (2025). "Persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap sa sekundarya," International Journal for Multidisciplinary Research, 7(3), 11-26. https://doi.org/10.36948/ijfmr.2025.v07i03.36327*
49. *Paradero, L. (2025). "Pag-aaral sa kahalagahan ng bokabularyo sa Filipino: Kabanata 1," https://www.studocu.com/ph/document/palompon-national-high-school/technical-livelihood/action-research-kabanata-i/118319903*
50. *Peñeda, M. B. (2021). "Mga suliranin at lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan saFilipino sa mga piling paaralan sa antas tersarya," American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Volume-5, Issue-11, pp-24-30, https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/11/D215112430.pdf*
51. *Porlas, A. B. (2023). "Natatanging gawain sa makrong kasanayan sa pagsulat,"International Journal of Research Studies in Education, 12(2), 99-104. https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.30*
52. *Quinlog, C. O., Lapena, J. A., Dabalos, L. J. C., at Compo, S. C. D. (2024). "Mga hamon ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat ng wikang Filipino," International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE), 2(1). https://risejournals.org*
53. *Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. S. (2024). "Students' proficiency in using Filipino language inacademic communication," International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 3(3). https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08*
54. *Richardson, J. (2024). "5 reasons to give students feedback on their writing Process," https://www.nwea.org/blog/2024/5-reasons-to-give-students-feedback-on-their-writing-process/*
55. *Rizare, M. G. A. (2016). "Bakit hindi dapat alisin ang asignaturangFilipino sa kolehiyo?" https://usapangwika.wordpress.com/2016/11/14/bakit-hindi-dapat-alisin-ang-asignaturang-filipino-sa-kolehiyo/*
56. *Tang, F. (2024). "The importance of activating prior*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

knowledge,"https://medium.com/@francis_tang/the-importance-of-activating-prior-knowledge-fe38dc19a9e8

57. *Tapang, R.G.A.(2018)."KahalagahanngbokabularyongFilipino,"https://www.scribd.com/document/444434956/kahalagahan-ng-bokabularyong-filipino-pdf*
58. *Tello, S. K. (2025). "Writing skills, attitudes and problems encountered by grade 12 learners in creative writing subject: Bases for teachers' intervention," Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 43(3), 379-387. https://doi.org/10.70838/pemj.430310*
59. *Teng, M. F., & Ying, Z. (2023). "Assessing self-regulated writing strategies, self-efficacy, task complexity, and performance in English academic writing," Assessing Writing, 57, Article 100728. https://doi.org/10.1016/j.asw.2023.100728*
60. *Tricia, S. (2021). "Schema Theory," EBSCO Information Services. EBSCO Research Starters. https://www.ebsco.com/research-starters/psychology/schema-theory*
61. *Touro University (2025). "Tips on writing an effective essay,"https://www.touro.edu/departments/writing-center/tutorials/tips-on-how-to-start-to-write-an-essay/*
62. *University of Melbourne (2020). "Clarity and focus, "https://students.unimelb.edu.au/academic-skills/resources/reading,-writing-and-referencing/writing-effectively/clarity-and-focus*
63. *University of Oxford (2025). "One month of writing improvement," https://www.ctl.ox.ac.uk/rewrilab/one-month-of-writing-improvement*
64. *Villanueva, J. (2021). "Filipino sa piling larang akademik 11-12 Q1 Mod1*
65. *Akademikong pagsulat- 2 2.docx," https://www.coursehero.com/file/p5c8k7ip/ORGANISASYON-NG-TEKSTO-Ang-lahat-ng sulating-pang-akademiko-ay-binubuo-ng-apat/*
66. *Villaruz, J. & Palma, R. C. (2024). "Metacognitive awareness of writing strategies, oral proficiency, and writing instructions: A structural equation model of academic writing skills in Filipino language," Asian Journal of Advanced Research and Reports, 18(7) 114-134. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7690*
67. *Warner, D. (2025, April 18). "What are the difficulties students have in reading comprehension?" https://assignmentsgeniu.hashnode.dev/what-are-the-difficulties-students-have-in-reading-comprehension*
68. *Wojcik, M. (2024). "6 types of academic writing," https://www.mwediting.com/6-types-of-academic-writing/*